Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 30, 2007, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 147-T'07

**KAPASIYAHANG NAGKAKALOOB NG LANSAKANG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN ARIEL T. MAGCALAS NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAKIKIPAGKASUNDO SA M-WONDER ENTERPRISES NA KINAKATAWAN NI MARISSA A. MORALES HINGGIL SA PAGPAPAILAW NG LIBINGANG BAYAN SA ARAW NG MGA PATAY MULA SA OKTUBRE 31, 2007 HANGGANG NOBYEMBRE 2 NG TAON DING ITO.**

**SAPAGKA'T,** may kahilingan ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na pagtibayin ang isang kasunduan hinggil sa pagpapailaw ng Libingang Bayan sa araw ng mga patay mula sa Oktubre 31, 2007 hanggang sa Nobyembre 2 ng taon ding ito;

**SAPAGKA'T,** magiging legal, epektibo at makatotohanan ang pagsasaalang-alang sa kasunduang ito sakaling mabigyan ng kapangyarihan ang ating Punong Bayan na makipagkasundo sa panig ng magpapatupad nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagkalooban ng lansakang kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na katawanin ang pamahalaang bayan sa pakikipagkasundo sa M – Wonder Enterprises na kinakatawan ni Marissa A. Morales hinggil sa pagpapailaw ng libingang bayan sa araw ng mga patay mula sa Oktubre 31, 2007 hanggang Nobyembre 2 ng taon ding ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman at M - Wonder Enterprises, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan